# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Sibika Baitang 1
## Ikatlong Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Paksa: Mga Pangangailangan

**Layunin**

- Nasasabi ang epekto ng pisikal na kapaligiran sa sariling pag-aaral

**A. Panimula**

1. Ipalaro ang "*Name Game*." Mag-uunahan ang mga mag-aaral na tukuyin ang mga bagay na kailangan ng isang tao upang matuto.
   - Anong "A" ang binabasa upang malaman ang mga aral at kuwento?

     Sagot: aklat
   - Sinong "G" ang gumagabay sa mga mag-aaral upang matutong sumulat at bumasa?

     Sagot: guro
   - Anong "P" ang pinupuntahan upang mag-aral?

     Sagot: paaralan

2. Itanong sa mga mag-aaral:

   Bukod sa mga nabanggit, ano pa kaya ang kailangan ng isang bata upang matuto nang maayos?

**B. Paglinang**

1. Hatiin ang mga mag-aaral sa tatlong pangkat.
2. Papiliin kung sino ang gusto nilang italaga bilang pinuno ng grupo at pagkatapos ay bubunot ng piraso ng papel ang naatasang pinuno upang malaman kung aling gawain ang kanilang gagawin.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- May mga kailangan tayo para mabuhay.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit kailangang tugunan mo ang sariling mga pangangailangan?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Nagagamit ang oras sa mahusay na paraan

**Mga Kagamitan:**

- Mga larawan ng uri ng kapaligiran
- *Flash cards*
- Papel
- Kagamitan sa pagguhit

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

| Gawain 1 | Gawain 2 | Gawain 3 |
|---|---|---|
| Pagbabalita ukol sa epekto ng magulo at maingay na kapaligiran sa pag-aaral ng isang bata | Magiging tagamatyag ng bawat pangkat at iuulat sa klase ang kanilang mga komento | Pagsasadula ng epekto ng tahimik at maayos na kapaligiran sa pag-aaral ng isang bata |

3. Bigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na maibahagi sa klase ang kanilang ginawa.

**C. Pagpapatibay**

**Paglalapat:**

1. Ipaguhit ang kapaligirang kanilang tinitirahan.
2. Ipatapos ang pahayag sa ibaba.

   Masarap tumira sa aming pamayanan dahil

   ______________________________________________

   ______________________________________________.

**Pagtataya:**

Gumuhit ng masayang mukha ☺ kung ang pahayag ay nakatutulong sa iyo upang makapag-aral nang mabuti at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

________ 1. Malakas na musika mula sa kapitbahay

________ 2. Tahimik na kapaligiran

________ 3. Maiingay na mga batang naglalaro sa labas ng bahay

________ 4. May sariling mesa at upuan upang magbasa at magsulat

________ 5. May oras para sa pag-aaral ng mga takdang-aralin

**Kasunduan:**

Gumuhit ng sariling pangarap na kapaligiran at ibahagi ito sa klase.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikatlong Markahan, Baitang 1, Karagdagang Aralin 2

## Paksa: Ang Aking Paaralan

**Layunin:**

- Nailalarawan ang mga tungkuling ginagampanan ng mga taong bumubuo sa paaralan

**A. Panimula**

1. Magkaroon ng pahulaan tungkol sa mga taong karaniwang nakakasama o nasasalubong ng mga mag-aaral sa paaralan. (Maaaring gumamit ng totoong larawan ng mga taong pahuhulaan o ipagaya sa mga mag-aaral ang mga kilos na maaaring magpakilala sa taong pahuhulaan.)
2. Pagkatapos ng pahulaan ay ipaskil ang mga larawan o pangalan ng mga taong pinahulaan.

**B. Paglinang**

(Bago ang aralin, ito ay kinakailangang naitakda na ang ilang piling mag-aaral na maaaring magsagawa ng kilos ng mga taong imomodelo.)

1. Ipamodelo sa mga mag-aaral ang ilang personalidad na nakikita nila sa paaralan. Maaaring ikaw o isang tagapagsalita ang tutukoy sa karaniwang ginagawa ng taong minomodelo at kung paano ito nakatutulong sa iba lalong-lalo na sa mga mag-aaral.

   Halimbawa: Prinsipal
   Nars
   Dyanitor, atbp.
2. Pagkatapos ng pagmomodelo ng mga mag-aaral ay ipatukoy kung bakit mahalaga ang bawat taong bumubuo sa paaralan.
3. Ipatukoy din sa mga mag-aaral kung ano-ano ang maaaring mangyari kung mawawala ang isa sa mga ito.

**Pangunahing Pang-unawa:**

Mahalaga ang bawat taong bumubuo sa paaralan sa paghubog ng ugali at pagkatao ng bata at maging sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan.

**Pangunahing Tanong:**

- Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga taong bumubuo sa paaralan?
- Paano mo ipagmamalaki ang iyong sariling pamilya?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

Epektibong napauunlad, naipatutupad, at naibabahagi ang mga bagong ideya sa iba.

**C. Pagpapatibay**

**Paglalapat**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod:

Sino ang tutulong sayo…

1. upang humigit na lumawak ang kaalaman sa pagbibilang?
2. upang maging ligtas sa anumang karamdaman?
3. upang siguraduhin na magiging ligtas ka sa iyong pagtawid?
4. upang maging maayos ang pamamahala sa loob ng paaralan?
5. upang manatiling malinis ang paligid ng paaralan?

**Pagtataya:**

Tapusin ang pangungusap:

Ang bawat taong nasa paaralan ay ____________________ upang ang mga batang tulad ko ay maging ______________________.

**Kasunduan:**

Interbyuhin ang isa sa mga taong nakikita ninyo sa paaralan. Alamin ang mga ilan sa ginagawa niya araw-araw.

**Mga Kagamitan**:

- Larawan ng kanilang sariling pamilya
- Sulatang papel



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com